

LIMANG HIBLA NG PAGMAMAHAL

Teo T. Antonio

APOY NG HIMAGSIK

Di na ikaw ang kahapong
tinutudla ng salita,
upang ating pag-ugnayin
bawat pitlag at kataga.
Pinag-isa ng panahon
ang pangarap at pagsumpa.
Hanggang ito ay magsanga,
mamulaklak at lumaya.

Sumibol ang mga supling
namukadkad na bulaklak,
upang ating pagbuhulin
bawat hibla ng pangarap.
Sa nagbuhol na pag-asa,
panagimpan at pagliyag,
may nabuo na tahanan
di mayanig ng habagat.

At sa dapyo ng amihan
hinahagkan ang pag-ibig,
na minsan ay sinusubok
ang tatag ng pananalig.
Sumuko ang pandarahas
sa sulo ng pagtitiis.
Tumitingkad ang liwanag
at ang apoy ng himagsik.

HIBLA NG PAGMAMAHAL

Ngayon ay hindi na
batang-pusong nangangarap.
Nagmamahal, umiibig,
sa pader ay umaalpas.

Nar'on pa rin ang himagsik
sa dilim ay nagniningas.
Naghahanap ng pagsintang
sa apoy ay sinasalab.

Pero bakit ang pag-ibig
nadarama'y ibang-iba,
na pinanday sa palihan
ng maraming pagbabaka?

Ang unawa't pagtitimpi,
lumalalim parang sugat,
na tinudla ng palaso
naging pumpon ng bulaklak.

Ano't bakit naging dagat
dating ilog sa pag-agos?
Nakakayang halakhakan
dagundong ng bagyo't unos.

Ibang-iba, kakaiba
sa pagsalok nitong pintig.
Kung tubig mang rumagasa
nagsasanga ang pag-ibig.

Isang dagat ang pag-ibig,
isang tabo ng alamat.
Habang iyong sinasalok
lumalalim na dalumat.

PANAHOON MAN AY NAGBAGO

Nagbago na ang panahon
pero hindi nagbabago,
ang pagsintang noo't ngayon
nakatitik sa puso ko.

Sa panahon ng cyberspace
may e-mail man at may Facebook.
Naka-encode sa dibdib ko
ang dalisay na pagtibok.

May laptop man at may iPad
di ma-delete ang pagsinta.
Ang memory ay naroon
buong sumpa at panata.

Kaarawan mo'y dadalaw
sa gunita at pagtanda.
Habang wala pang Alzheimer
ikaw'y sintang MUSA'T TULA.

ANG GABI'Y MAY NINGAS NG MGA BITUIN

Tumitingin siya
sa gabing mabituin.
Katulad ni Van Gogh
nang ang obra'y likhain.

Naroon sa gabi
ang talang maningas,
naroon sa gabi,
ang dilim at liwanag.

Ito ang hinanap
ni Jacinto sa "Kartilya."
Na itanim sa isip
sinumang makikibaka.

Marawal ang landas
pagtahak sa mithiin.
Ang paghihimagsik
di pistang lalandasin.

At ito'y malayo
dapat magsakripisyo,
sinumang susuong
tungo sa pagbabago.

Dapat buo ang isip
at pusong tumitibok,
dahil ang pagbabago
madugong paghahamok.

Alaalang pamana
ng “Utak ng Katipunan,”
ibinuwis ang buhay
sa ngalan ng KALAYAAN.

HANGGANG DITO LAMANG

Huwag mong hanapin ang pilosopiya
“at mayamang dunong ng matematika.”

Ang kahanga-hangang siyens’ya’y nagdulot
ng komunikasyong sa mundo ay handog.

Di ako si Einstein, Shakespeare o Darwin
o kaya’y si Karl Marx, Mao Tse Tung o Lenin.

Kanila ang dunong, pinagpunyagian,
dunong ko’y nagmula sa kung saan-saan.

Sa nilalandas kong bukirin at kalye
mga talinghaga’y aking hinuhuli.

Di ko lalagpasan ang kanilang dunong,
kahit si Balagtas, si Rizal o Tolstoi.

Inihihibik ko ang “dusa’t hinagpis”
ng sariling bayang nag-iwi ng hapis.

Naroon ang tuwa, ligaya’t halakhak
habang dinarama sugat na bulaklak.

Di kayang alpasan iba't ibang teorya
na nagpapalito sa aking memorya.

Hanggang dito lamang ako sa pagtula
habang hinahabi ilang talinghaga.

Kung inilarawan ang bansang sarili
at bawat himagsik sa dilim ng gabi.

Gusto kong umalpas sa daloy ng buhay
kahit na alam kong marupok ang tangkay.

Dahil naniwala sa pakikilaban
alpasan ang bawat dustang kalagayan.

Isulong ang layon, pader ay buwagin
laging humahadlang sa laya't mithiin.

12 Enero 2012